



PATNUBAY SA MISA

13 Oktubre 2024

Ika-28 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

LINGGO NG MGA TRIBONG KATUTUBO

ANG PAGHAHANAP SA TUNAY NA KAYAMANAN

*H*iHindi masama ang anumang kayamanang materiyal. Ito ay biyayang dapat ipagpasalamat at gamitin hindi sa pansariling kapakanan lamang kundi sa pagtulong sa mga nangangailangan. Sa malayang pagkakaloob, tayo’y maituturing na mayaman sa mga bagay na espirituwal at ang ating pagbibigay ay nakapagpapalaya sa atin at nakapag-aangat sa katatayuan ng mga natutulungan.

Ngunit ang kayamanang materiyal ay isang sumpa kapag ito ay naging puno at dulo ng lahat ng ating pagnanasa at nagugumon tayo sa higit pa at walang hanggang pagnanasa. Maiiwan tayong kapos na kapos sa yamang espirituwal.

Ipinaaalala sa atin ng Eukaristiyang ito ang mga pagpapahalagang espirituwal. Bigyan nawa tayo ng biyayang gamitin ang ating mga yamang materiyal alinsunod sa plano ng Diyos.

Ngayong Linggo ng mga Tribong Katutubo, inaasahan din tayong alalahanin at ipagdasal ang mga kapwa nating katutubo sa Pilipinas. Pinaaalalahanan tayong kilalanin at igalang ang kanilang karapatan at mahal in sila bilang mga kapatid natin kay Kristo.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kapag iyong tinandaan lahat ng aming pagsuway, kami kaya ay tatagal? Kaya’t ika’y mapagbigay at maawaing Maykapal.

Pagbati

P– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

B– Amen!

P– Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin at sa Panginoong Hesukristo nawa’y sumainyo!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisi

P– Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo’y maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Manahimik saglit.)*

P– Panginoong Hesus, ikaw ang Nagkatawang-taong Karunungan ng Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, ginaganyak mo kaming umiwas sa yamang materiyal. Kristo, kaawaan mo kami!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, nangako ka

ng buhay na walang hanggan sa mga magwawaksi sa lahat alang-alang sa Ebanghelyo. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa

dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, ang iyo nawang kagandahang-loob ay manguna at sumubaybay sa aming pamumuhay ngayon at araw-araw upang kami’y itaguyod sa paninindigang gumawa ng kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Kar 7:7-11
Sa simula ng kanyang paghahari, hiniling ni Solomon sa Diyos ang kaloob na karunungan. Sa sipi na ating maririnig, sinasabi niya kung bakit ito ang kanyang hiniling.

L –Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan

Sapagkat napag-unawa kong ako’y tao lamang, ako’y nanalangin at binigyan naman ako ng kaalaman. Tumawag ako sa Diyos at binigyan ako ng Karunungan.

Higit na mahalaga sa akin ang Karunungan kaysa trono at setro, at mas matimbang kaysa alinmang kayamanan. Hindi ko maipagpapalit maging sa pinakamahal na alahas. Ang ginto ay tulad lamang sa buhangin kung ihahambing sa Karunungan. Ang pilak nama’y nagmimistulang putik kapag

inihambing sa kanya. Para sa akin, siya’y higit pa sa kalusugan o kagandahan. Mas gusto ko siya kaysa alinmang ilaw sapagkat ang luningning niya’y walang pagkupas.

Nang kamtan ko ang Karunungan, dumating sa akin ang lahat ng pagpapala; siya ang nagkaloob sa akin ng kayamananang walang kapantay.

Ang Salita ng Diyos!
B –Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 89

B –Pag-ibig mo’y ipadama; aawit kaming masaya!

R. M. Velez

Pag- i- ibig mo'y i- pa-da--ma; a-
a-wit ka-ming masa-ya!

* Yamang itong buhay nami’y maikli lang na panahon, itanim sa isip namin upang kami ay dumunong. Hanggang kailan pa ba, Poon, titiisin yaring lagay nitong iyong mga lingkod, sa gitna ng kahirapan? **B.**

* Kung umaga’y ipadama yaong wagas mong pag-ibig, at sa buong buhay nami’y may galak ang aming awit. Yaong naging hirap nami’y tumbasan mo ng ginhawa, singhaba rin ng panahon ang ipalit na ligaya. **B.**

* Ipakita sa lingkod mo ang dakila mong gawain, sa kasunod naming lahi ay gayon mo rin ituring. Panginoon naming Diyos, kami sana’y pagpalain, magtagumpay sana kami sa anumang aming gawin. **B.**

Ikalawang Pagbasa Heb 4: 12-13

Narito ang isang magandang pagtatampok sa kapangyarihan at talas ng Salita ng Diyos. Ito ang Salitang hahatol sa atin ngunit siya ring magpapasigla sa atin para mabuhay bilang mga anak ng Diyos.

L – Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

Ang salita ng Diyos ay buhay at mabisa, higit na matalas kaysa alinmang tabak na magkabila’y talim. Ito’y tumatagos maging sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa

at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at nakatataho ng mga iniisip at binabalak ng tao. Walang makapagtatago sa Diyos; ang lahat ay hayag at lantad sa kanyang paningin, at sa kanya tayo magsusulit.

Ang Salita ng Diyos!
B –Salamat sa Diyos!

Aleluya

Mt 5:3

B –Aleluya! Aleluya!

Mapalad ang mga dukha na tanging Diyos na lumikha ang pag-asa at adhika.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 10:17-30

Sa sipi ng Ebanghelyo ngayon, binibigyang-diin ni Hesus ang kahalagahan ng ating pag-iwas sa ano mang uri ng pagkaalipin. Binibigyang-diin din dito ang kabaitan ng Diyos sa mga higit na nagpapahalaga sa Kanya.

P –Sumainyo ang Panginoon!

B –At sumaiyo rin!

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B –Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, habang paalis na si Hesus ay may isang lalaking patakpong lumapit, lumuhod sa harapan niya at nagtanong, “Mabuting Guro, ano po ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?” Sumagot si Hesus, “Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos. Alam mo ang mga utos: ‘Huwag kang papatay; huwag kang mangangalunya; huwag kang magnanakaw; huwag kang magsisinungaling sa iyong pagsaksi; huwag kang magdaraya; iginalang mo ang iyong ama’t ina.’”

“Guro,” sabi ng lalaki, “ang lahat po ng iya’y tinutupad ko na mula pa sa aking pagkabata.” Magiliw siyang tiningnan ni Hesus, at sinabi sa kanya, “Isang bagay pa ang kulang sa iyo. Humayo ka, ipagbili mo ang iyong ari-arian at ipamigay sa mga dukha ang pinagbilhan, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod sa akin.” Namanglaw ang lalaki nang marinig ito, at malungkot na umalis, sapagkat

siya'y napakayaman.

Tiningnan ni Hesus ang mga nasa paligid niya at sinabi sa kanyang mga alagad, "Napakahirap mapabilang ang mayayaman sa mga pinaghaharian ng Diyos." Nagtaka ang mga alagad sa pananalitang ito. Muling sinabi ni Hesus, "Mga anak, talagang napakahirap mapabilang sa mga pinaghaharian ng Diyos! Madali pang makaraan ang kamelyo sa butas ng karayom kaysa pasakop sa paghahari ng Diyos ang isang mayaman." Lalong nagtaka ang mga alagad, kaya't sila'y nagtanungan, "Kung gayo'y sino ang maliligtas?"

Tinitigan sila ni Hesus at sina-bi sa kanila, "Hindi ito magagawa ng tao, ngunit hindi ito mahirap sa Diyos. Magagawa ng Diyos ang lahat ng bagay." At nagsalita si Pedro, "Tingnan po ninyo, iniwan namin ang lahat at kami'y sumunod sa inyo." Sinabi ni Hesus, "Tandaan ninyo ito: ang sinumang mag-iwan ng bahay, o mga kapatid, ina, ama, mga anak, mga lupa, dahil sa akin at sa Mabuting Balita, ay tatanggap ng makasandaang ibayo sa buhay na ito – mga bahay, mga kapatid, mga ina, mga anak, at mga lupa – ngunit may kalakip na pag-uusig. At sa kabilang buhay ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at

huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Sa paghahangad natin ng pagbuti ng ating kundisyong pangkabuhayan, alalahanin natin na may mga higit na pagpapahalaga sa buhay na di dapat maisakripisyo para sa materiyal at pansariling kapakinabangan. Ipahatid natin sa Panginoon ang ating mga kahilingan:

P – Panginoon, dinggin mo kami!

* Para sa lahat ng namumuno sa Simbahan: Nawa'y patnubayan nila ang mga mananampalataya nang buong karunungan at malasakit sa kanilang kapakanang pangkaluluwa. Manalangin tayo! **B**

* Para sa mga mayaman at makapangyarihan: Nawa'y hindi sila mabulagan sa kanilang yamang tinatamasa at tuluyang makalimot sa mga lalong dakilang pagpapahalaga. Manalangin tayo! **B**

* Para sa kabataan at lahat ng naghahanap sa kahulugan ng buhay: Nawa'y matagpuan nila ito sa katauhan ni Hesus at sa pamumuhay alinsunod sa kanyang Ebanghelyo. Manalangin tayo! **B**

* Para sa mga kapatid nating katutubo: Nawa'y matanggap nila ang paggalang sa kanilang mga karapatang legal at pakikipagkaisa ng lahat ng Pilipino. Manalangin tayo! **B**

* Para sa mga nagbubulag-bulagan sa pananatili ng Diyos sa kanilang buhay: Nawa'y makaahon sila sa mga sagabal at panunukso ng mga maling ideolohiya upang kanilang matuklasan na ang katotohanang magpapalaya ay nababatay at nagmumula sa Diyos. Manalangin tayo! **B**

* Nawa'y maipagtaguyod nating lahat ang estilo sinodal sa ating pamumuhay, sa pananagutan sa isa't isa, upang mapalaganap

ang kaisahan, diwa ng pakikisalamuha at pakikiisa sa misyon ng Simbahan ng lahat mga mga pari, relihiyoso, at laiko. Manalangin tayo **B**

P – Panginoong Diyos, pagkalooban Mo kami ng pagmimithi sa mga pagpapahalagang walang hanggan, habang di naman nakalilimot sa pang-araw-araw na pangangailangan namin at ng aming kapwa. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga panalangin na sumasaliw sa aming paghahain upang sa ginaganap naming pagdiriwang kami'y makatawid sa kaluwalhatian sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo IV

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B – Itinaas na namin sa Panginoon!

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

B – Marapat na siya ay pasalamat!

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangu-nang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihansang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtititis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang

aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na matay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinasang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinasang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kahit mga mayayaman ay nagugutom din naman, ngunit

pinapa-kinabang ng Panginoon ang tanang sa kanya'y naglalapitan.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, ngayong kami'y iyong pinapakinabang sa Katawa't Dugong banal iniluluhog namin sa dakila mong kabutihan sa tanan na kami'y gawin mong kasalo sa iyong buhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.) Pagkalooban nawa kayo ng Diyos ng kapayapaan sa buong buhay

ninyo.

B –Amen!

P –Iligtas nawa Niya kayo sa lahat ng alalahanin at tibayan ang inyong kalooban sa Kanyang pagmamahal.

B –Amen!

P –Puspusin nawa Niya kayo ng Kanyang mga kaloob na pananalig, pag-asa, at pagmamahal upang anuman ang gawin ninyo sa buhay na ito ay magdulot sa inyo ng kaigayahan magpakailanman.

B –Amen!

P –At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B –Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

B –Salamat sa Diyos!

2025 WALL CALENDAR POSTERS

WALL CALENDAR POSTERS
(10.5" X 15.5")

CALENDAR PAD SIZE
(10.5" X 8")

For more details, please contact us:
Word And Life Religious Store
A Arnaiz Avenue corner C. Roces Avenue, Makati City
Contact us at: 0917 629 5485 • 8894-5401
Email us at: wordandlifepublications@gmail.com



WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molmog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

KARUNUNGAN, DI LANG KAAALAMAN!

Kalakbay at Katoto

Hirap magpasya ang tao sa maraming bagay. Sa pagdedesisyon, marami tayong tinitimbang. Ang pagpapahalagang nakalalamang, o higit na matimbang ang siyang napapansin at siyang nasusunod. Gaano man kaganda ang mga pangungusap, sa huli, ang mas lamang na batayan ng pagpapahalaga, ang mas matimbang na batayan ang siyang naghahari. Tuwing may bagyo, kay limit namutawi sa bibig ng marami na ang dahilan ng matinding pagbaha ay ang tinatawag nilang “climate change.” Nanduon na ako ... tunay na may pagbabago sa klima, saan mang dako ng daigdig.

Hindi mahirap makita na ang paghahanap ng masisisi ay isang kagawiang malimit gawin ng tao. Hindi rin mahirap unawaing hangga’t makalulusot, ang tao ay lulusot, sa lahat ng uri ng gusot. Nguni’t hindi rin mahirap unawaing, kung mayroon ngang global warming at climate change, ay hindi maaaring siya mismo ang dahilan ng kanyang sarili. Sa madaling salita, hindi natin puedeng sisihin nang walang hanggan ang climate change para sa mga mapanirang baha na malimit natin maranasan.

Nguni’t para marating ito, hindi lamang kaalaman ang dapat gamitin. Hindi lamang agham ang dapat pairalin. Mayroong higit pa sa agham o ciencia na dapat pag-ukulan ng pansin.

Ito ang sinasaad sa unang pagbasa – karunungan, hindi lamang kaalaman. Maaalam ang mga nagbalak ng mga subdibisyon sa Cainta, Marikina, Antipolo, at Pasig. Nagawa nila ng paraan na maging mamahaling lote ang mga baybayin ng ilog, ilat, estero, o bambang. Maalam rin ang mga nagputol ng mga troso sa bundok, sapagka’t maipakikita nila ayon sa agham na kailangan bawasan ang mga puno sa gubat. Maalam rin ang mga nagkaloob ng pahintulot mula sa municipio, sa lalawigan, sa mga ciudad, sa DENR, at sa marami pang sangay ng pamahalaan. Maalam rin ang mga politikong naghakot ng mga botante mula sa mahihirap na lugar sa katimugan., kahirapan, at kakulangan ng edukasyon ng mga mahihirap.

Maraming maalam sa mundong ibabaw. Nguni’t hindi maaalam ang kinasasalalayan ng ating ikapanuto, kundi ang mga marurunong.

Ang marunong ay nakakaunawa at nakakakilatis, hindi lamang ng tama at mali, kundi ng kung ano ang mas lamang, higit na matimbang, at higit na naghahatid sa wagas na kaalaman.

Ang marunong ay nagpapairal ng tinatawag nating hanay ng pagpapahalaga, hindi lamang ng kinang, kislap, o kulay ng kung anong tila mahalaga, na sa muling pagkilatis ay hindi nalalayo sa puwet ng baso lamang.

Ito ang kaalamang hanap ng binatillo na nagtanong kay Kristo: “Ano ba ang dapat kong gawin upang mapunta sa langit?” Ito rin ang kaalaman at karunungan ng napapaloob sa Salita ng Diyos na “higit na matalas kaysa tabak na magkabila’y talim.” Ito ang karunungan ng dapat sana ay mas lamang, matimbang, at nakapagdudulot ng wastong pagpapasiya.

Naghanap ang binatilyo sa karunungan. Sinagot siya ni Kristo nang walang pag-aatubili. Nguni’t ang kanyang orihinal na tanong at hanap ay nasakal ng iba pang pagpapahalaga. Naglaho ang unang balak at unang hanap. Napalitan ito ng isang malalim na kalungkutan sa mukha ng binatilyo. Nasiil ng ibang pagpapahalaga ang kanyang pagpapahalaga sa pagsunod kay Kristo.

Pumurol kumbaga, ang talim ng salita ng Diyos matapos ito mahasa sa mababaw na hanay ng pagpapahalagang makamundo. Pero hindi ang Salita ng Diyos ang pumurol kundi ang kakayahang kumilala at kumilatis ng tama, ng nakapaghahatid sa buhay, ng nakapagdadala ng kaligtasan.

Masalimuot ang mga suliranin ng bayan natin. Imposible na climate change lamang ang may sala. Pati tayo ay bahagi ng suliraning ito. Sala-salabat ang suliranin. Patong-patong, susun-suson. Ito ang katangian ng tinatawag nating “social sin” – kasalananang kinasasangkutan nating lahat.

Ito ang dahilan kung bakit dapat nating harapin ang kahulugan ng tanong ng binatilyo: “ano ba ang dapat gawin upang maabot ang kaharian ng langit?” Alam niya ang sagot sa kanyang sariling tanong. Ginagawa na raw niya ang lahat ng yaon, ayon sa binatilyo. Nagtanong siya, nguni’t hindi siya handang makinig sa sagot.

At ano ba ang buod ng sagot? Ano nga ba ang dapat gawin ng isang tagasunod ni Kristo? Ano ba ang kailangan? Hindi lang kaalaman kundi karunungan. Hindi lang kabatiran kundi lubos na kaalaman.

Saan ba tayo inihahatid ng kaalamang ito? Sinagot ni Jesus ang binatilyo: “Ang sinumang mag-iwan ng lahat ... ay makararating sa kaharian ng langit.” Pero may pasubali, may kalakip at kasama ito ... ang pag-uusig ng tao. Sa madaling salita, may kaakibat na pagdurusa ang paghahanap ng tunay na karunungan. Ang mga matimbang sa biglang wari ay nabubunyag ang kababawan at kawalang-halaga. Ang higit na matimbang sa mata ng tao ay nagiging bale wala, sa harap ng wagas na karunungan naghahatid sa higit na mataas na antas ng kamalayang maka-Diyos. Nawa’y magising na ang kamalayang Pinoy, tungo, hindi sa mababaw na kaalaman, kundi sa tunay at mapagligtas na karunungan.